

CHAPTER 1

Jordan Alonzo Mendoza was the king of to-do lists. Goals to accomplish for world domination? He had a list for that.

What to watch on *Netflix* for the next six months? He had a list for that, too.

Right now, finishing *Samtoy* topped his checklist. Nasa huling stage na ng construction ang luxurious private resort. Nililinis na lamang ang mga villas, casitas, at bungalows at inaayos ang mga gamit. Named after the ancient title of Ilocos, the resort lived up to its proud origin. The white stucco overwater bungalows perched over the calm water gleamed in the moonlight, the villas stood regal and stately amidst the lush foliage of Pagudpud beach.

He and Francisco Gamboa had wanted a private resort that could rival Amanpulo and the El Nido resorts. They wanted the luxury and privacy of an exclusive island. Pero walang malapit na maliit na isla sa Pagudpud para gawin

iyon. They compensated by taking up a large portion of the beach and the adjacent area to invoke the sense of intimacy and seclusion. The crystal blue water, the verdant rolling hills and the overall quiet beauty of the place, more than made up for it.

Pero nang mga oras na iyon, ang 'quiet' ay isang salita na hindi magagamit para ilarawan ang *Samtoy*.

Tumiim-bagang si Jordan habang nakatitig sa pagbalibag ng mga pinto at bintana ng villa sa kanyang harapan. Marahas na kumurap-kurap ang mga ilaw sa loob niyon, gayundin ang mga lamplight malapit sa dambuhalang puno ng acacia sa tabi ng villa. Umugong ang hangin sa paligid at humampas ang mga sanga ng malaking puno sa timber balcony.

Matalim niyang tinapunan ng tingin ang namumutlang project coordinator. Singkit ang matangkad na lalaki, pero sa pamimilog ng mga mata nito ay hindi iyon mahalata.

"Ano 'to?" asik niya.

"Sir, hindi namin alam!" bulalas ni Fred; mataas ang boses sa magkahalong takot at pagkatuliro. "Wala namang nagsabi sa 'ming may kapre d'yan!"

The panel doors slid shut with a bang, rattling the glass.

Sandali siyang pumikit at bumilang hanggang sampu. "You've checked the wirings?" sambit niya. "Tiningnan na ba ni Dante 'yung mga ilaw?"

"Wen, sir!" sagot nito sa wikang Ilokano. "Kahit takot na takot kami kanina, tiningnan namin ni Dante!

Walang problema, sir! Hindi namin alam kung bakit nagkakaganyan! Kapre 'yan, sir! Tingnan n'yo naman! Dito lang humahangin!”

Gusto pang itatwa iyon ni Jordan, pero bumubuga sa mukha niya ang ebidensya. Totoo ang sinabi ni Fred. Tanging sa parteng ng puno at nasabing villa lamang malakas at sumisipol ang hangin. Halos walang alon sa dagat, at kalmadong dumadampi ang tubig sa puting dalampasigan. Puwede niyang ipilit na electrical problem ang pagbukas-sara ng mga ilaw, pero iyong hangin? He had to be more creative to explain that.

Pinukol niya ng inis na titig ang puno. “What the hell happened here?” mababa niyang tanong.

Tinungga niya ang tubig mula sa hawak na bottled water para basain ang lalamunan. Bahagyang nanakit iyon dahil sa puyat nang nakaraang gabi. His brother Cole barged into his apartment late last night, begging him for a day-off this weekend.

“Nililinis na kasi namin, sir, 'yung mga villa!” depensa ng lalaki habang pinipilipit ang laylayan ng asul na kamiseta nito. “Tapos, masyado nang nakaharang 'yung isang sanga ng puno. Kaya pinutol na namin! Tapos, nagsimula nang magpatay-sindi 'yung mga ilaw saka bumabalibag 'yung mga pinto! Hindi talaga namin alam, sir!”

Lalong umugong ang malakas na hangin, at napatalon ang kasama niya.

“Ukininam! Kapre 'yan, sir! Kapre!” Nag-sign of the cross si Fred; mukhang malapit nang maihi sa pantalon

Kapre. Pinigilan ni Jordan ang pagnanais na hilutin ang noo.

Wala bang nagbigay sa kapre ng memo? Kailangan nitong pumila at kumuha ng numero para magkaroon ng appointment sa kanya. Exorcising pissy nature spirits was not on his to-do list today.

Nasa kalagitnaan si Jordan ng panghapong meeting sa isang business partner sa Vigan nang tumawag si Fred kanina. *Samtoy* was his biggest project right now, forcing him to cut his meeting short to attend to this emergency.

“Have you called a priest?”

Marahas na umiling ang project coordinator. “Nasa ospital, sir. Naaksidente daw. Wala kaming makuhang iba. Pero may kakilala si Orly. Ispiritista. Papunta na raw.”

Nagkuyom ang palad at nakatiim ang mga labing ibinaling niya ulit ang titig sa nagaganap na katatakutan sa kanyang harapan. Hindi mapamahiing tao si Jordan, hindi rin siya relihiyoso. He believed in a higher Being, yes, he wasn't jaded enough to discount that. But the extent of his spiritual practice ended with twice a month church attendance and hanging a wind chime in his apartment window at the insistence of his mother. Overall, his motto in life was ‘I came, I saw, I conquered.’

Walang espasyo sa schedule ni Jordan ang mga multo, kapre o malas. Pero kahit siya ay nakikita ang negatibong epekto ng haunted villa sa *Samtoy*.

He hissed an oath when the wind howled and slammed branches against the sliding glass doors. Mabuti

na lang at matibay ang salaming pinto dahil ang disenyo talaga noon ay para ipanlaban sa mga bagyo. Building villas and overwater bungalows in a tropical island frequently visited by typhoons required extreme care.

Magbubukas na ang resort dalawang linggo mula nang araw na iyon, at hindi katanggap-tanggap ang eksenang ito. People generally do not want to stay in a villa loitered with cranky spirits who threw tantrums like a five-year-old. Banging doors and windows were irritating and not conducive for f*cking and sleeping.

“Sino pa’ng nakakita nito?” matigas niyang untag.

“Kami lang nina Dante, Orly, Rubio, at Martin, sir. Sinunod namin kayo, hindi na namin pinalapit ’yung iba para hindi na kumalat.”

Tumango si Jordan. Hinipan ng hangin ang maikli at itim niyang buhok kaya tumabing iyon sa kanyang noo. Padaskol niyang hinawi iyon. “Ilang ispiritista ang pinatawag n’yo? I want a group of psychics here. ’Asan na sila? Ba’t wala pa?”

Dinukot ng binata ang phone sa bulsa para tawagan ang kanyang abogado. Papiirmahin niya ng confidentiality agreement ang mga ispiritistang darating. Idedemanda niya ang mga ito kapag kumalat ang balita na may multo sa *Samtoy*.

“Naku, sir, isa lang ’yung kakilala ni Orly. Padating na siya. Taga-Bangui lang ’yon. ’Ayan na pala!” Tumakbo si Fred para salubungin ang paparating na si Orly at ang kasama nitong babae.

His gaze zeroed in on the woman simply because

it was hard not to. Against the backdrop of the inky black sky and the dark water, the woman glowed like radioactive waste. With her frizzy short, curly reddish hair, stark white sleeveless top, rainbow-colored skirt and crystal necklaces and bracelets, the woman competed with the flashing lights inside the villa.

His first assessment was: fake. The woman looked like the cliché weird psychic in B movies. But he held his tongue.

Ibinaba ni Jordan ang phone nang makalapit ang mga ito.

“Sir! Eto na po ’yung ispiritista!” humahangos na bungad ni Orly, ang kanyang driver/messenger.

Ninenerbyos na inilibot ni Orly ang tingin sa sumusuray na puno at marangyang villa. Parang may kidlat sa loob niyon dahil sa matalas na pagpatay-sindi ng mga ilaw. Napatalon ang matangkad at maskuladong lalaki nang bumalibag pasara ang salaming pinto. Agad itong nagtago sa likuran ng babaeng tila kumuha ng fashion tips kay *Barney*.

“Sus, Marya Santisima!” Halos kumapit si Orly sa palda ng ispiritista.

Nasa six feet ang height ni Orly, at dalawang pulgada lang ang itinaas niya kumpara rito. Halos pareho rin ang pangangatawan nila; lean and muscular. Seeing the big guy hiding behind the petite woman was disconcerting.

“Oh, she’s angry!” masiglang anunsyo ng babae. The harsh blinking lights illuminated the woman’s face, making her fair skin glow.

“You think so?” sarkastiko niyang banat. “What gave you the idea? The banging doors and windows? Or the howling wind and whipping branches?”

Bumaling sa kanya ang estranghera, itinuon ang mabibilog na mata kay Jordan. It was probably the flash of stark lights, but he thought the woman’s dark eyes seemed to glow as if storm clouds pulsed within them.

Malapad na ngumiti ang babae. “Red!” anito at malakas na pumalampak. “You glow dark red! A bit orangey in some regions. Power. Passion, yet very practical and grounded. Perfectionist! Oooh. But, oh, oh. That throat hurts. Take care of that. Baka lumala ang sakit ng lalamunan mo kapag pinabayaan mo ’yan.”

Nangingkit ang kanyang mga mata at tumalas ang titig sa babae. Pero lumawak lang ang ngiti nito saka tumalon paharap sa villa at acacia. “You cut a branch of her tree!” the woman chirped. “Bad, bad, bad people. Why did you do that? Nagalit tuloy siya. Tsk, ts, tsk!”

“Her?” singit ni Fred. “Babae ’yung kapre?”

Humagikgik ang ispiritista. “No, silly. Hindi siya nature spirit. She’s earthbound. Medyo nainsulto nga siya na tinawag mo siyang kapre. Not cool, Freddie. And stop worrying about your girlfriend. It’s okay. Don’t worry. She loves you. Jaja told me. She’s my spirit guide. She loves jasmine tea! She said hi!”

Nanlaki ang mga mata ng kinausap at napaawang ang mga labi nito. Napaatras din ito sa estranghera.

“Ah.” Lumayo rin si Orly sa ispiritista. Halos kakulay na nito ang suot na abong t-shirt sa pamumutla ng

mukha nito. “Uhm, si Arabella po ’to, Sir Jordan.”

“That’s me! But don’t call me Arabella. Masyadong formal. Ara na lang. O kaya Bella. O kaya Bells! Bells sounds fun!”

Napangiwi si Orly. “Uhm, ispiritista po ang pamilya niya.”

“Wen.” Madamdaming tumango si Arabella. “But I’d really prefer the term ‘baglan.’ It’s so unfair na mga babaylan at Katalonan lang ang sikat. Even the mumbakis get more love! So not fair. We baglans are awesome, too. The Ilocano spirits are angry about it. Let me commune with them and appease them for a bit.” Pumikit ito at hinimas-himas ang violet crystal necklace nito.

Muling sinabihan ni Jordan ang sarili na bumilang hanggang sampu. The woman was probably authentic, though he still wasn’t one hundred percent sold on that. But apparently, she was also crazy.

“Miss,” istorbo niya sa paghokus-pokus ng babae. “We’d appreciate it if you postpone your meeting with the spirits about advertising your chosen career path. We’re on a tight schedule here, so if you don’t mind? May iba ka bang kilalang psychics para tumulong sa ’yo? Gusto namin ng isang grupo para i-exorcise ’yang earthbound spirit sa puno.”

Napasing si Arabella at nagmulat. “Oh, sorry! Oo nga pala! Yes. The earthbound spirit.” Nalukot ang mukha nito at nanulis ang nguso. “But we shouldn’t exorcise her.”

Patience, Jordan. “Why not?”

“Because it’s mean! And we should avoid violence.

Diplomatic dialogue is so much effective. When you force them to go, it can get really messy!” Umiling ito kaya tumalon sa hangin ang mga kulot ng buhok nito.

A consul for the spiritual world. He had always been all about diplomatic approach himself; blackmail was his usual weapon of choice after all. But right now, he would prefer military takeover. Pero sa kabila niyon, payak pa rin siyang tumango.

“Fine,” saad ni Jordan. “Call your other psychic friends to help you here.”

“Andito na sila!”

Nininerbyos na napatingin sa paligid sina Orly at Fred.

Arabella beamed a mega-watt smile. “My friends are all around us already.”

Narinig niyang napamura ulit ang project coordinator. Orly whimpered and pressed closer to Fred.

“That’s awesome,” Jordan said tightly. “But I mean corporeal people. Flesh and bones. ’Yung buhay at humihinga.”

“Oh.” Nanulis muli ang nguso ng kaharap. “Wala, eh. But my spirit friends are great. They always help me a lot.”

“Good for you. But we need people we can see. Look, I don’t—”

“No, it’s okay. I can do this!” Malawak itong ngumiti at patalun-talon na lumapit sa puno.

Pero agad niyang hinagip ang braso nito. “No, you won’t. This is my property. I won’t have anyone hurt here. You need a group of psychics to help you here. You know

what? Thanks for coming tonight. Tatawagan ka na lang ulit namin bukas kapag may iba pa kaming nakuha para tumulong sa 'yo. Don't worry, we'll compensate you for your trouble tonight."

Masyadong delikado kung ito lang mag-isa ngayon. Iniisip pa lang niya ang mga legal repercussions kapag may nangyaring masama sa estranghera sa ilalim ng kanyang pagbabantay ay sumasakit na ang ulo ni Jordan. Then, there was the resort's image. It was a PR nightmare.

"Don't worry about it, Jordy!" maningning na banat ng babae. "Stop worrying about PR. Nothing bad's gonna happen to me. Trust me!"

What the hell?

Her crazed smile widened, and she pulled her arm from him. The woman hopped toward the acacia tree, her rainbow-colored skirt swirling like colored pinwheel. Huminto si Arabella ilang dipa mula sa puno. Akala ni Jordan, dadakdak ito at hahagikgik habang nakikipagtsismisan sa ispirito. Pero sa gulat niya, sumeryoso ang babae.

Tahimik itong tumitig sa puno habang patuloy ang panaghoy ng hangin na para bang galing sa malalim na kuweba. Patuloy rin ang galit na pagkisap-kisap ng mga ilaw sa loob ng kahoy at salaming villa. Hinanda ng binata ang sarili sakaling may mabaling sanga at humampas sa babae. This was reckless, so many things could go wrong.

Humakbang siya palapit sa psychic. "Stop this. We'll deal with this tomorrow—"

"Malungkot din siya." Dinala ng marahas na hangin

ang malamyos na boses ng dalaga.

Napahinto si Jordan sa tangkang paglapit sa babae. Sa kanyang tabi, halos mapayakap na sa isa't isa ang project coordinator at messenger.

“Puno niya ’to,” usal ng baglan. Itinaas nito ang mukha. Sa kisap ng matalas na ilaw at sa pag-ugoy ng kulot na buhok at makulay na palda ng dalaga, parang aparisyon din si Arabella. “She’s waiting for someone. Tagpuan nila ang punong ’to. Pero...”

Hindi dumating ’yung lalaking kakatagpuin niya. He resisted the urge to roll his eyes. Where did he hear that before? He wanted to give tips to all women out there. If a guy didn’t show up in a meeting place and the woman died waiting for him, move on, for God’s sake. Follow the light, ladies. Enjoy the afterlife. Kung hindi dumating iyong lalaki noong buhay pa ang babae, malamang hindi rin ito darating ngayong patay na ito. Logic, people.

“Hinihintay pa rin niya ’yung lalaki...”

“Let me guess,” iritado niyang banat. “Gusto niyang ipahanap ’yung lalaki. Hindi siya matatahimik hangga’t hindi nagagawa ’yon.”

“Yes. Itinuturo niya ’yung lupa. May nakabaon d’on.”

Goddamn it. It’d better not be the woman’s bones. People would freak out if they found out a woman was buried there!

“Fine,” matigas niyang sagot. “Ask her name and the name of her beloved. Now, tell her to stop throwing a temper tantrum or people might start talking about a restless spirit here.” Matalim na binalingan ni Jordan sina

Orly at Fred. “Not a word about this,” babala niya.

Nagtaas ng kamay ang dalawa bilang sumpa. “*Wen, sir!*” sabay na sagot ng mga ito.

He had already talked to Dante and the other two workers when he had arrived, extracting their vow of silence.

Umiling si Arabella at muling nagsalita, “She doesn’t remember her name.”

He shot the woman a pointed look. “What?”

“Shh. Your energy’s too strong. It’s distracting me. L’ayo ka muna.” She took another step toward the tree, tilted her head, her eyes drifting closed. “She died here. Died of heartache. She died young.”

For a second, he thought he saw a silhouette of a woman flickering in the flashing lights, thought he heard a heartbreaking sob whispering in the wind.

Umiling ang lalaki para pagliwanagin ang pag-iisip.

Nanatiling tahimik at nakatingala si Arabella sa puno.

Humakbang siya palapit dito pero napahinto rin agad nang bumuntong-hininga ito.

Dahan-dahan, humupa ang marahas na ugong ng hangin. Tumigil ang paghampas ng mga sanga at tuluyang namatay ang mga ilaw sa villa. Pero nanatiling bukas ang lamplight sa may acacia. Tumutok ang ilaw kay Arabella, isang baha ng liwanag sa madilim na kapaligiran.

Naramdaman niyang umatras ang dalawang lalaki sa kanyang likuran.

He glared at the woman. She’d better not be possessed.

Humakbang ulit si Jordan palapit sa ispiritista, pero muling napatigil nang humarap ito. Her eyes were fever-bright, her cheeks flushed and moist.

His eyes narrowed. “Well?”


Malapad itong ngumiti. “Well, that went well!” Nag-two thumbs up ito at tumalon.

Nakahinga nang maluwag sina Orly at Fred.

Pero panandalian lang ang saya ng mga ito. Tumirik ang mga mata ng ispiritista, pagkatapos ay bumulagta ang babae sa lupa na parang trosong pinutol sa puno.

He closed his eyes and muttered an oath. Just what he f*cking he needed.



A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns, surrounding the chapter title.

CHAPTER 2

“**M**ay white lady sa may eastern villa?” Selena Gamboa raised a perfect brow and sat on the rattan sofa.

Kagaya ng lahat ng villas, casitas, at overwater bungalows sa *Samtoy*, gawa sa rattan, abaka, kawayan at iba pang kahoy ang karamihan na gamit sa sitting room ng tinuluyan niyang suite. Nakabukas ang salaming sliding doors at pumapasok mula roon ang pang-umagang hangin at init ng araw. The warm dark wood walls and floors gleamed in the light, the fresh lilies stacked in a high crystal vase filling the air with sweet scent.

Selena crossed her long silky legs, the hem of her knitted beige dress sliding up her toned thighs. Hapit ang bestida sa mala-modelong katawan ng dalaga, pero sopistikada pa rin ang dating ng Gamboa heiress. With her black hair swept up in a neat bun, simple but perfect makeup, and clear tan skin, the woman was the ultimate picture of corporate power and feminine allure.

Umupo si Jordan sa tapat ng dalaga at hinigop ang kanyang double espresso. Ah, life was good again.

“I don’t know if it’s a white lady, but according to the psychic, it’s an earthbound female ghost.”

He wanted to close his eyes and shake his head. Psychic and ghost? His rational brain rebelled. It was goddamn ridiculous.

Sandaling tumahimik ang kausap at humigop din ng kape nito. “Makakasama ’to sa *Samtoy* kapag kumalat ’to.”

“I have that covered.”

“Napaalis na ba ’yung multo?”

“Unfortunately, no. Hinimatay ’yung psychic kagabi pagkatapos niyang makipag-usap sa multo.”

“Are you sure it’s a ghost? Baka naman electrical wiring lang ang problema.”

A non-believer. A woman after his own heart.

Matabang siyang ngumiti rito saka tumango. “I didn’t see any incorporeal entity floating in the wind, I can tell you that. But I trust my men. Walang problema sa electrical wiring. I was here last night. Sa parteng ’yon lang malakas ang hangin.”

“Damn.”

Pagak siyang tumawa. “Tell me about it.”

Tumunog ang cell phone ng binata at sinipat niya iyon. Text message iyon galing sa kanyang abogado. Padating na raw ito sa *Samtoy* dala ang confidentiality agreement na pinagawa niya rito nang nakaraang gabi.

“Yung psychic, okay naman siya?” usisa ni Selena.

“Nahimatay lang sandali, pero nagising din agad. The

silly woman didn't want a doctor, insisted she could heal herself. The woman was goddamn frustrating." Tiim ang mga labing ibinaba ni Jordan ang mug ng kape sa bamboo coaster. Irritation prickled his nerves as he remembered his argument with the psychic last night. He should have just dragged her to the nearest hospital. Kung may concussion ito at namatay dahil sa pagbagsak nito, sasakalin niya talaga ito.

"You sent her home?"

"It was late, and there's ongoing road construction on the way to Bangui. She's sleeping in the other room. Nasa kabilang kuwarto din sina Orly at Fred."

"Let me handle the PR team and make sure none of this gets out. Fully booked na tayo para sa opening, I won't let anything get in the way of that. *Samtoy* is going to be the hottest destination for the Philippine elite. We'll be the best in Asia and the world. No pesky ghost can hamper that."

A quick and appreciative smile curved his lips as he stared at the stark determination sharpening Selena's stunning features. Beautiful, ambitious, and highly capable—iyon si Selena Gamboa, ang anak ng kanyang business partner. Sa edad na beinte nueve, halos ito na ang nagpapatakbo sa construction empire ng tatay nito.

"I know you will," sang-ayon ni Jordan. "I will get this thing sorted out before opening."

Tumaas din ang sulok ng mga labi ng katabi. Tumayo ito at umupo sa sofa sa kanyang tabi. Her breasts brushed his bicep, her hand resting on his jean-clad thigh.

“What about dinner tonight, Jordan?” malamyos na anas ng babae. Dumampi ang mabango at mainit nitong hininga sa kanyang panga bago lalong idinikit ang dibdib sa braso niya. Itinaas nito ang kabilang kamay at pinaglaro iyon sa kuwelyo ng asul niyang dress shirt. “We haven’t had dinner together since last month.”

He allowed his smile to widen. Hindi maikakaila ang init sa mga mata ng babae o ang agresibong pagdikit ng katawan nito sa kanya. Isa pa iyon sa gusto ni Jordan sa dalaga. She knew what she wanted and she was not afraid to grab it.

“I’m afraid I can’t,” matapat niyang tanggi. “I have to deal with the villa’s problem and do some paperwork in my office. But our business lunch tomorrow is still on.”

She pouted her luscious lips. “That’s business. I’d like something more intimate.”

Gusto rin iyon ng binata. He could see himself settling down with someone like Selena. Ito ang klase ng babae na hindi lang siya pasasayahin sa kama. A woman like Selena would work side by side with him to achieve everything they wanted. Pero ayaw niyang madaliin ang relasyon nila. Business partner niya ang tatay ng dalaga. And despite how rational and mature they were, if things went south, it could have an adverse effect in their business relationship. And he had no time for that drama.

“I have time next weekend,” alok ni Jordan. “Paul has a new recipe. You might want to try it.”

“Perfect. Your brother’s the best chef in Ilocos. I’d—”
Bumukas ang isang pinto, at sabay silang nag-angat

ng tingin ng katabi.

Arabella stepped into the sitting room looking like she just spent the night spinning in a dryer. Her white top and rainbow-colored skirt were crinkled and splotchy; her curly hair wild and glistening red in the morning sun.

“Oh!” Malawak itong ngumisi sa kanila at parang batang pumalakpak. “Your colors are so pretty! Halos pareho kayo ng aura! Deep red! It’s okay! Carry on! I’m just passing through.” Pagkatapos, itinuro nito ang kung ano sa likuran nila. “You! ’Wag kang makitsismis sa kanila! It’s rude! Shooo!” Muling bumaling sa kanila ang babae at malawak na ngumiti ulit. “It’s nothing. Just a white dwarf. Totally harmless. Umalis na siya. Sige! Later!”

Masiglang tinungo ng dalaga ang main entrance ng villa saka walang anumang binuksan ang pinto at lumabas.

Maang siyang binalingan ni Selena. “That’s the psychic?”

Bumuga si Jordan ng hangin at umayos ng upo. Kailangan niyang sundan ang babae. Who knew what she’d do if left alone roaming? “Baglan,” sagot niya. “The crazy woman preferred to be called ‘baglan.’ Later, Selena.”

Tumayo siya at lumabas na rin ng villa.



Natagpuan ni Jordan ang ispiritista sa may haunted acacia, nakaluhod sa paanan niyon at nagbubungkal ng lupa.

Nagtatagis ang ngipin na tumakbo siya palapit dito.

“Ano ba’ng ginagawa mo?” Pilit niya itong hinila patayo.

“Hey!”

“You crazy woman! Stop it!”

“It’s okay! Mabilis lang ’to!”

“It’s not goddamn okay. Paano kung buto ng tao ang nandyan? I need to discuss this with my lawyer. Exhuming remains of a dead person is no laughing matter!”

“Hindi siya nakalibing dito, promise!” Nagtaas ng tingin ang babae, malawak ang ngiti para pakalmahin siya. Her curly hair gleamed like burnished copper in the sun, her fair skin smooth and white like creamy milk.

“Mas mabuti nang maingat.” Hinila ni Jordan ang babae patayo, pero pilit itong lumuhod ulit. “You’re testing my patience, woman. I said get up and stop—”

“Look! I got it already! Kukunin ko na lang ’yung box!”

Matalas na bumaling ang kanyang titig sa butas na hinukay ng babae. At naroon nga ang maliit na kahon, nakabaon ang kalahati sa ilalim ng mababaw na hukay.

Hinila ni Arabella ang kamay mula sa kanya saka muling sumalampak sa lupa. Inis niyang hinagip ulit ang braso nito.

“Hindi mo ba nabasa ’yung nangyari sa mga humukay sa mummy ni Tutankhamun?” he snapped, pulling her up and dragging her away from the shallow pit.

“They died!” She beamed a sunny smile. “May sumpa ’yung mummy!”

“Wrong. They breathed in toxic fungi and bacteria

from the tomb.”

That was not necessarily true. Pero totooing maaaring may nakamamatay na microorganisms sa mga nakabaong bagay sa lupa, *e.g.* ang kahong nakabaon sa ilalim ng puno ng acacia.

Naningkit ang mga mata ni Arabella. “Lie.”

Mapang-uyam siyang ngumiti. “Not completely true.”

Her face crumpled like she just swallowed something sour. “Ugh. Stop talking like a lawyer. Lawyers make me dizzy. I hate those half-truths! Pero hindi mo ’ko maloloko. You’re lying. I can feel it.”

Natanaw niyang paparating sina Orly at Fred, at nilakasan niya ang boses para marinig ng mga ito.

“Ikuha n’yo kami ng masks at plastic gloves. Plastic container din na may takip. Mga 6 x 6. Alcohol din.”

Nagtinginan ang dalawa saka walang tanong na tumakbo pabalik sa tinuluyan nilang villa. Malamang nakahinga nang maluwag ang mga ito na hindi kailangang lumapit agad sa psychic. He could goddamn relate. The woman was a big mass of headache.

“I need you to sign some papers today,” mababa niyang saad. Hinila niya ito palayo pa sa hukay. “I need you to sign a non-disclosure contract. Ayokong lumabas sa iba ang kahit anong tungkol dito. Do you understand me?”

“She’s calling me back there!”

“She has to wait. This is important!”

“Okay.” Kumaway ang dalaga sa puno saka bumaling sa kanya.

God, the woman was a f*cking nutjob. At hindi iyon dahil lang nakakakita ito ng multo. It was the way she goddamn handled it. Sure, the woman had the face of an angel and the body of a succubus. Creamy skin, full heavy breasts, and wide hips—any hot blooded male would be tempted to f*ck such a hot piece of ass. Iyon ay kung hindi mapapansin ang pagkabaliw nito. No f*cking thanks. One of the maxims he lived by was: *Don't stick your dick in crazy.*

Magkasalubong ang mga kilay at nakangusong bumaling sa kanya si Arabella. “I think she likes you. Naalala niya yata ’yung bf niya sa ’yo. Cutie!”

Hindi niya iyon pinansin. “What’s her name? She’d better remember it by now.”

Nagtaas ng dalawang kamay si Arabella at ikinibit ang mga balikat. “Sorry, no. She’s an old spirit. Matagal na siya rito. Old spirits are usually amnesiacs. Normal na ’yon. Just think about it. Kung ’yung matatanda nga nagkaka-*Alzheimer’s*, multo pa kaya na mahigit one hundred years na?”

Gustong ipunto ni Jordan na wala nang pisikal na utak ang mga multo para magka-*Alzheimer’s* ang mga ito, pero pinigilan niya ang dila. Wala siyang oras para makipagdebate tungkol sa metapisikal na estado ng mga ispirito.

“How long has she been here?” he bit out.

“I don’t know! She doesn’t know. Do you know?”

“Goddamn it. Sumeryoso ka nga!”

“I’m serious!”

Bumilang siya hanggang sampu. “Ano’ng hitsura niya?” kalmadong untag niya. “Ano’ng suot niya?”

“Oh. Iyon lang pala ang tanong mo, eh. Dapat sinabi mo agad. Madali naman akong kausap. Naka-baro’t saya siya.”

Spanish Era, then. Maybe even early American Period. Great. Mga three hundred plus years lang ang pinag-uusapan nila.

“Ba’t ngayon lang siya nagparamdam?” tanong ni Jordan. “Matagal na kami rito. Walang naramdamang kakaiba ’yung mga tao rito n’ung tinatayo ’yang villa pati ’yang lamp post.”

“Pinutol n’yo nga kasi ’yung isang sanga ng puno niya, di ba? Haller, nakikinig ka ba?”

Don’t kill the woman, paalala ng binata sa sarili. Murder is a heinous crime.

“Sabihin mo sa kanya, hindi namin puputulin ’yung puno. Kaya ’wag na siyang manggulo at tahimik na lang niyang hintayin ulit ’yung boyfriend niya.”

“I’m so sorry, but real life doesn’t work that way! You awoke her by cutting that branch. You see, she was basically catatonic before you cut that branch. Pero ngayon, gising na ang wisyo niya. Hindi na siya matatahimik ngayon. The tree is important to her. Natakot siya na kapag nawala ’yung puno, hindi na siya mahahanap n’ung hinihintay niya.”

“Naalala niya ’yon pero hindi niya maalala ang pangalan niya? Tell her to get her priorities straight. And her boyfriend? Kung mahigit isang daang taon na

niyang hinihintay 'yung lalaki, dapat lang alam niya 'yung pangalan n'ung lalaking 'yon."

"Tsk, tsk, tsk. Jordy, hindi nga gan'on 'yon!"

"Don't call me Jordy, if you don't want me to call you Arabella," singhal niya.

She blew raspberries at him like a two-year-old, then crossed her arms over her chest. "For spirits like her, it's mostly feelings. Iyon na lang ang natira sa kanila. Their consciousness fades overtime. They fade. She fades. 'Yung matinding emosyon niya dito sa puno at 'yung paghihintay niya, 'yon na lang ang nag-uugnay sa kanya sa mundong 'to. It kept her energy grounded. But it fluctuates as well. Kagaya ngayon. Mahina na 'yung energy niya at hindi ko na siya makita." Bumaling ulit ito sa puno at winagayway nito ang mga kamay. "Hey, female spirit! 'Asan ka na? Pakita ka ulit! Don't fade! Don't lose hope! Stay strong! Fading is not good!"

"No. I hope she stays that way."

Napasinghap ang babae at namimilog ang mga matang bumaling sa kanya. "You're mean!"

Jordan was worse than that.

Dumating sina Orly dala ang kanyang mga inutos. Pilit niyang ipinasuot kay Arabella ang masks at gloves.

"I look silly!" himutok nito.

"Ngayon mo lang napansin?"

Gamit ang gloves at mask, kinuha niya ang maliit na kahoy na kahon at inilagay iyon sa plastic container.

Dinala niya iyon sa tinuluyan nilang villa.

"This is ridiculous!" protesta ni Arabella nang mag-

spray siya ng disinfectant sa kahoy.

“I agree. You are ridiculous.”

Nakasimangot ang psychic sa sofa habang nakatayo sina Orly at Fred sa tabi ng bintana. Mukhang naghahanda ang mga ito na tumalon palabas sakaling may kung anong lumabas sa kahon.

Walang kandado ang kahon. Nakatali lang ang isang manipis na brown na laso sa kabuuan nito. At least, he thought it was brown. The ribbon could be white for all he knew, masyado na lang nadumihan ng lupa at ulan kaya hindi na maaninag. Kinalas niya ang laso at kinalog ang lata ng disinfectant. Pero bago pa niya mabuksan ang kahon at mapisikan ang loob noon, parang si Kobe Bryant sa bilis na inagaw sa kanya ni Arabella ang sisidlan. Mala-Olympic runner itong tumakbo sa kuwarto at ibinalibag pasara ang pinto.

“Goddamn it, Arabella!” Hinabol niya ito at kinalampag ang cherrywood na pinto. “What the hell is wrong with you? Open this door! Give that back!”

“I’m just borrowing it! Baka kapag ini-spray-an mo ng disinfectant, masira ’yung kung anong nasa loob nito! This is important!”

Inis niyang hinaklit pababa ang mask na suot. “Asan ang susi nitong kuwarto?” sikmat niya kina Fred.

Tumakbo si Orly sa isang mahogany cabinet. “Andito, sir!”

Hinaklit niya ang susi sa empleyado, pero marahas na bumukas ang pinto bago pa niya maisaksak ang susi sa seradura.

Namumula ang makikinis na pisngi ni Arabella, at malawak ang ngiti sa mga labi nito. “Drawing and picture! Look!” Ibinalandara nito ang dalawang bilohabang picture frame sa kanyang mukha. “There are letters, too! Nakabalot sa tela!”

Hinagilap ni Jordan ang kamay ng babae at tinitigan ang hawak nitong picture frame. Madumi sa putik at tubig ang salamin niyon. “Dish towels!” utos niya kina Orly.

Agad siyang inabutan ng malinis na basahan.

Ikinuskos niya iyon sa oblong na salamin.

Charcoal drawing ang larawan sa loob ng isa, at medyo malabo rin dahil sa mantsa ng ulan at putik. Black and white picture ang sa pangalawa. Malamang ay nanuot sa kahoy na kahon at sa mismong frames ang putik at tubig sa kabila ng convex glass protection ng mga ito. Pero aninag pa rin ang mukha ng babae at lalaki sa lumang papel. Hanggang dibdib lang ang larawan ng dalawa. Lalaki ang nasa black and white picture, habang babae ang nasa charcoal drawing. Nakasuot ng kamisa chino ang lalaki habang baro ang sa babae. Kahit malabo na ang larawan, halatang mestizo ang lalaki. His features were sharp and angular in the black and white picture. The woman looked like a native, her face flat and broad, but the overall proportion looked pleasing. They both looked young, maybe around early to mid twenties.

“May date sa ibaba!” bida ni Arabella. “1870! May pangalan din! Look! Sinang ’yung nakalagay sa drawing ni girl!”

He squinted to decipher the murky letters and

numbers scrawled on the lower right of the drawing. Kagaya ng imahe ay malabo rin ang nakasulat na mga numero at letra. Rain and other elements stained the paper, making the ink bleed. Hindi siya sigurado kung 1810 ba iyon o 1870. But at least they had a smaller range. It's in the 1800s. Mas malinaw ang mga letra. At sang-ayon siya kay Arabella. Mukhang 'Sinang' nga ang nakasulat doon.

"This is great!" The woman clapped her hands. "She died young, ganyan ang hitsura niya sa puno ngayon! She must have died some years after those drawings!"

"Asan 'yung mga sulat?" Pumasok siya sa loob ng silid.

"They're stickier and yuckier. May dead worms din 'ata. Look!" Nakangiti nitong dinampot ang dalawang piraso ng papel mula sa kahon sa may sahi.

"Ew!" reklamo Fred sa kanyang likuran.

Green and brown molds stained the papers, and small exoskeletons of unrecognizable creatures were entwined with it.

"Put that back in the container." Itinulak ni Jordan sa dalaga ang clear plastic at pinahulog doon ang mga sulat.

"We're not gonna read it?"

"How the hell can you read that?"

"Not the letters per se, silly! I can read emotions and history by touching objects. I can read their auras. I can get emotions from that letter." She jumped a little, her full breasts slightly bouncing.

Umiling si Jordan at ibinaling ang titig sa mukha ng

kausap. “No. We need more concrete results. Baka may kung anong bacteria din ’tong mga ’to. May alam akong kompanya sa U.S. na nagre-restore ng mga ganitong lumang sulat. I’ll ship it today.”

“Oh.” Disappointment made her pout. “Okay. But can I at least try to get a little reading? Mahirap na kasi kapag marami nang humawak. Maghahalo na ’yung mga aura.”

Ano ba ang mawawala sa kanya? The woman and the letters were here. He might as well get everything he could from her now. “Fine. Do it fast.”

Umupo ang ispiritista sa isang kahoy na silya habang hawak ang mga sulat. Hindi nito sinubukang buksan ang mga papel, siguro sa takot na mapunit ang mga iyon. She took off one of her gloves, splayed her dainty fingers a few centimeters above the moldy letters and run it up and down the paper without touching it. Then, at last, she pressed her hand gently on top of the letters. Sandali rin itong pumikit.

Early morning light spilled through the open windows, washing over Arabella’s milky white skin, making her glow like an ivory statue of some ancient Greek goddess. Napasimangot si Jordan habang nakatitig dito. She is pretty. Beautiful, even. Kung wala lang itong suot na sandamakmak na crystal jewelry at hindi ito umaasta na parang pasyenteng nakalimutang uminom ng anti-psychotic medication ay mukha na itong perpekto.

He folded his muscular arms over his chest as he stared at her.

After a few seconds, she murmured, “Sad. She was so

sad when she wrote this. Scratches. Red scratches on her arms.”

Napahawak sa isa't isa sina Orly at Fred at takot na napatingin sa paligid.

Sumandal siya sa mesa sa kanyang likuran. Scratches? What? The guy was hurting her?

Excellent. A ghost of a battered wife/girlfriend. He supposed he needed to contact a goddamn therapist as well.

“The guy... he looked rich.”

Naisip na iyon ni Jordan. Mukhang may lahing Español ang lalaki sa litrato. Mga may pera lang at maimpluwensya ang kayang magpalitrato noong mga panahong iyon.

“She really liked him. He was really nice to her. She loved his smile. He gave her the picture frames. She was happy. She was... ashamed.”

Mukhang bipolar din ang multo. *Where's the number of that therapist?*

“She wanted to see him again. She always sat there in their tree. Her chest felt so bad. It hurt. It hurt a lot. She wanted to tell the guy something. She wanted him to understand something.” Nagmulat ang kausap, may malamlam na lungkot sa mga mata. “Someday, she wanted these letters to find their way to him. Someday. Somehow. Nananakit lagi 'yung dibdib niya. I think... I think she died of a broken heart. O baka may sakit siya sa puso. O baka pareho.”

The girl just probably wanted to tell the guy she loved

him with everything she had. Classic rich guy and poor girl scenario. The guy had probably left to marry another rich girl and forgot about her .

“That’s good for now.” Umalis si Jordan sa pagkakasandal sa mesa at lumapit sa dalaga. “We’ll get the names and find out where the guy was. Hihinto na ba siya kapag naibigay na sa pamilya n’ung lalaki ’yung mga sulat? The guy was probably dead now, too.”

Tumango ang psychic. “Hanapin na lang muna ’yung lalaki ’tapos, doon natin tingnan kung ano’ng dapat nating gawin sunod. Patingin din ako n’ung mga sketches.”

Pinahulog niya kay Arabella ang dalawang sulat sa plastic container, saka iniabot rito ang dalawang larawan. Kagaya ng ginawa sa mga sulat, pinakiramdaman nito ang bawat bahagi ng photo frames bago tuluyang hinawakan.

Kumunot noo ito. “He liked her a lot, too,” sambit ng babae. “He drew this sketch. He... He wanted to be with her, too. He wanted to run away with her.”

“Nakukuha mo lahat ’yan sa paghawak lang?” may halong mangha at takot na usisa ni Fred.

Malawak na ngumiti ang dalaga. “Yes! People leave energies behind on objects they owned. Lalung-lalo na kapag mahalaga sa kanila ’yung bagay na ’yon. Itong frames at sketches, mas malakas ang energy o aura na naiwan n’ung guy dito dahil kanya ’to, siya ang gumuhit at siya ang nagbigay kay girl. His feelings for her were deep, too. He liked her a lot, too.”

“He probably changed his mind.” Inilahad muli ni

Jordan sa babae ang plastic container. “He’s not the first rich guy who thought love could conquer all, but later realized he couldn’t give up his fancy clothes and big house.”

Sumimangot sa kanya ang ispiritista. “That is so jaded!”

“That is reality. You got his name?”

Napakagat-labi ng dalaga. “No. But if you let me work on it some more, I might.”

“I need more assurance than that. I’ll have these letters shipped today.”

“Fine. But I bet the story’s more complicated than your theory. I bet they both loved each other so much, but something happened so they can’t be together.”

Pinagsalikop ni Arabella ang mga palad at madamdaming inilapat iyon sa sariling dibdib. “They loved each other so much. I can feel it in the auras on the sketches and letters! Love, love, love!”

“The bottom line is, it’s not enough.” Kinuha niya mula rito ang dalawang larawan, saka walang pasabing ini-spray-an niya ang babae ng disinfectant.

She shrieked, her arms flailing, her feet stomping. “Jordy, you jerk!”

Hindi niya napigilang ngumisi. Pero nabura iyon nang mapagtanto niyang nakangiti siya. Sumimangot siya.

“You poisoned me!” she cried. “I’m dying!”

“Don’t exaggerate.” Ibinaba ni Jordan ang lata ng disinfectant sa dark walnut table sa malapit. “I didn’t spray it onto your face. Hindi ’to insecticide. Disinfectant.


I need your contact number.”

She spluttered; her wide dark eyes stormy. Mukhang gusto siya nitong isumpa, pero inabot pa rin sa kanya ang purple business card mula sa wallet nito.

“Paparating na si Atty. Fernandez.” Ipinasok niya ang card nito sa kanyang wallet. “Hintayin mo na. He’ll show you the papers. Meet me at my office in *Kali Bar and Grill* at seven p.m. sharp tonight. We’ll talk about this.” Binalingan niya si Orly. “Ku’nin mo ’yung detalye ng bank account niya. We’ll wire the payment for today and last night.” Ibinalot ni Jordan ang mga larawan sa malinis na dish towel at muling hinarap ang dalaga. “Go home after you signed the papers,” pormal niyang utos. “We’ll talk about this later.”

Hindi na niya hinintay ang sagot nito. Lumabas siya ng silid at dumerecho sa kanyang kuwarto dala ang mga larawan at sulat.





CHAPTER 3

“Kuya Jordan!” atungal ni Cole habang buntot nang buntot sa kanya na parang aso. “Come on. I need a day-off this weekend!”

Tumiim-labi si Jordan at dumerecho sa stockroom para kausapin si Devlin, ang kanilang bartender/stockman/waiter. All around ang halos lahat ng staff nila sa *Kali Bar and Grill*, at ganoon din ang kaibigan nilang si Devlin.

“Kuya Jordan...” ungol ng nakababata niyang kapatid sa kanyang likuran. “Please... please... please...”

Jordan missed the good old days when Cole practically peed in his pants whenever he narrowed his eyes at him. Alam niya ang sikretong pagkahumaling ng nakababatang kapatid sa mga romance pocketbooks, at para protektahan ang imahe, payag ang kapatid na magpakaalipin sa kanya huwag lang niyang ipagkalat ang madilim nitong sikreto.

Sa kasamaang palad, mula nang magka-girlfriend si

Cole, mukhang hindi na ito takot malaman ng iba ang erotic romance obsession nito.

“Devlin,” bati niya sa kaibigan at empleyado.

Tumango ang mestisuhing lalaki, at ngumisi nang makita si Cole na nakabuntot sa kanya. Ibinigay nito ang stock forms sa kanya at sinipat niya iyon.

“Everything good here?”

“Yes. Walang problema sa mga deliveries,” sagot ng lalaki. “Maganda ang feedback ng mga tao sa banda. Gawin na natin silang regular.”

“I agree. Pero may kausap akong dalawang local bands na gusto ring mag-perform dito. We’ll try them out for two weeks and see how the people like them. Kapag maganda ang resulta, puwede nating gawing alternate na mag-perform ’yung tatlo.”

“Kuya Jordan!” pilit ni Cole.

“Get lost, Cole. I don’t have time for you.”

“Bukas ka pa niya babalatan nang buhay!” masiglang singit ni Kai, ang bunso at nag-iisang babaeng kapatid nila.

Nakatayo ito sa tabi ng isang shelf, naglalagay ng mga bote ng alak doon.

At first glance, their sister looked like a pubescent boy. Maikli ang buhok nito, matangkad at payat. Madalas itong naka-shorts at nakamalaking t-shirt sa ilalim ng itim na apron nito kagaya ngayon. Pero napansin niyang naglalagay na ng lip gloss ang kapatid mula nang magkanoby.

“Nakita ko ’yung schedule niya,” bida ni Kai. “Naka-schedule ka niyang pagalitan bukas pagkatapos ng fifteen-

minute nap niya. One hour 'yung allotted time niya sa 'yo! Nakasulat d'on: *Kick Cole to submission!*" Humalakhak ang bunso nila. "Weekly 'yon, di mo ba napansin?"

"Shut up," angil ni Cole. "Kuya..."

Hinarap niya ang kapatid at pinukol ito ng matigas na titig. Agad tumiklop ang lalaki at ngumuso. Malaki ang hawig nila ni Cole at ng kakambal nitong si Calvin. Most of the time, pinagkakamalan silang triplets. The three of them had that big, muscular frame and rugged features they had inherited from their father. At dahil pareho pa silang nakaputing kamiseta at pantalon ngayon, lalo tuloy silang naging magkamukha.

"Tomorrow, Cole," pinal niyang saad.

His brother sulked and pouted, but finally stopped harassing him.

"And Kai," dagdag ni Jordan, "stopped eating batter when you think Paul's not looking. I'll deduct that from your salary."

Napasinghap ang bunsong kapatid. "How did you know that?"

"Cole, ibalik mo 'yung ballpen sa bar counter. I'll multiply the cost fifty times if you don't."

"Hindi ako'ng kumuha n'on!"

Kalmado niyang tinitigan ang kapatid. Tumikom ito ang kunot-noong nagbaba ng tingin.

"Fine," himutok ng kapatid. "But fifty times is not fair. Mura-mura lang n'on."

"Sa maliit nagsisimula ang lahat," kaswal niyang paalala. "Mrs. Rosales wants to celebrate her birthday here next next month, you and Kai will be on duty."

“No!” sabay na atungal ng dalawa.

“That old woman wants to molest me!” takot na sumbong ni Cole.

He smiled at his brother. “She’s ninety years old, Cole.”

“Yon nga!”

“Lagi niya ’kong kinukurot!” angal ni Kai. “She makes me wear pink apron!”

“Stop whining.”

Matapos magtanim ng takot sa puso ng kanyang mga kapatid at masigurong walang problema sa *Kali Bar and Grill*, dumerecho si Jordan sa pangalawang palapag kung saan naroon ang kanyang opisina at apartment.

Tinanguan niya si Mrs. Rosales, ang kanyang assistant. Ubanin na ang may-edad na babae pero matalas pa rin ang pag-iisip.

“May files na dumating galing kay Attorney,” bungad nito. Her green-rimmed glasses looked new, the color matching her loose dress. Napahawak ito sa leeg na para bang may hinahanap doon. “Nasa desk mo.”

“Yes, thank you. Hindi n’yo pa rin nakikita ’yung kuwintas n’yo?”

Nalukot ang kulubot na mukha ng matanda habang hawak pa rin ang leeg. “*Haan pay.*” Hindi pa. “Hindi ko alam kung s’an ko nalagay ’yun. Regalo pa naman ’yon ni Pedring,” tukoy nito sa asawa.

“I hope you find it soon.”

Pumasok siya sa opisina at ibinaba ang dalang mga folder sa desk. Kahit na may AC sa silid, mas gusto niyang nakabukas ang mga bintana para pumasok ang hangin

mula sa dagat. The wooden wind chimes hanging at his window danced in the wind, its soft clanging sound as soothing as the neutral palette of his office furnitures. The light bathed the wooden walls and floors, intensifying the warm colors.

Binalingan ni Jordan ang nabanggit na dokumento ni Mrs. Rosales sa kanyang desk. Tungkol iyon kay Arabella Tatiana Santiago at kasama ang confidentiality agreement na pinirmahan ng dalaga. Nabanggit doon ay tubong Bangui nga ang pamilya ng baglan.

Pinagmasdan niya ang larawan ng babae sa file. Her pouty red lips were curved in half-smile, the skin across her high cheekbones naturally pinkish. Treinta na ang babae, pero hindi iyon halata kung titingnan ito. Even though the woman had curves of a porn star, Arabella could still pass for a teenager with her short height and irritatingly colorful clothes.

Tumatakabong vice mayor ang pinsan nito ngayong eleksyon, at may lupain ang mga ito sa Burgos at Laoag. May blog ito at may ilang mga testimonials doon tungkol sa authenticity ng kakayahan ni Arabella. Ayon sa note ni Atty. Leo Fernandez, sikat daw ang dalaga sa mga abogado at pulis ng Ilocos. Although not formally acknowledged in court, according to his attorney, lawyers, policemen, and investigators frequently consulted with Arabella to solve criminal cases.

Napailing siya roon. There was something wrong with the justice system if lawyers and the police force had to rely on a psychic to solve cases. At paano nakakakuha ng matinong sagot ang mga pulis at abogado sa dalaga? The

woman had the attention span of a bird.

But he digressed. So far, every evidence suggested that Arabella was an authentic psychic. Mapagkakatiwalaan din ito ng mga sensitibong bagay. Malamang ay hindi ito paulit-ulit na hihingan ng tulong ng mga abogado at pulis kung hindi marunong magtago ng sikreto ang babae.

Isinantabi niya ang dokumento at hinarap ang ilang trabaho. Matapos ang tanghalian, tinawagan niya ang simbahan ng Bangui para tanungin ang mga ito tungkol sa mga burial records. Pero wala raw ang namamahala noon kaya sinabihan siyang tumawag na lang ulit kinabukasan.

Hindi sigurado si Jordan kung may mapapala ba siya sa pagtingin doon. Hindi niya alam ang buong pangalan ng babae sa larawan, at hindi rin niya alam kung kailan ito namatay. Pero kung tama si Arabella at namatay ang babae ilang taon pagkatapos iguhit ang larawan, nasa pagitan iyon ng 1810 hanggang 1880. He still wasn't sure if the year written on the sketch was 1810 or 1870, so he'd stick with that range. They could start with the location. They could estimate the woman's age to around 18 to 25. Puwede silang magsimula sa pagtingin ng mga babaeng namatay sa ganoong edad sa pagitan ng mga taong iyon sa Pagudpud. Then, they could further narrow it down to names that could have 'Sinang' as a nickname.

*A lot of f*cking work, he thought irritably, but doable.*

Bumalik na ang binata sa trabaho.

Nang sampung minuto na bago mag-alas siete, inayos ni Jordan ang gamit para sa meeting kay Arabella. Pero lumipas pa ang beinte minutos ay wala pa rin ang babae.

Sumimangot siya at tinawagan ang ispiritista. Pero hindi ito sumagot. He tried again, his irritation spiking as the seconds ticked by. Malutong siyang nagmura at pinadalhan ito ng text message. *Where are you?*

Hindi na niya hinintay ang sagot at bumaba na sa *Kali Bar and Grill* para maghapunan.

“Everything okay?” kunot-noong untag sa kanya ni Calvin habang kumakain sila.

Malamang halata ang inis sa kanyang mukha dahil tinanong siya nang ganoon ni Calvin. Unlike Cole, Calvin only talked when absolutely necessary.

“Yes,” pagsisinungaling ni Jordan.

“Kuya, ’yung day-off ko—”

Tumikom si Cole nang pukulin niya ito ng matalas na titig.

Tumutugtog ang banda sa entablado sa dulo ng bar and grill. Sharp colorful lights pulsed across the metal and glass walls, amplifying the bright lights. Marami nang tao sa loob, pero mas dadami iyon sa susunod na mga linggo kapag tuluyan nang pumasok ang tag-init.

Bumukas ang entrance ng bar, at narinig niya ang matinis na pagtili mula roon.

“I’m sorry!” Like a hurricane of glow in the dark colors, Arabella ran toward their table, her curly hair wagging like coiled springs.

Agad naalarma si Cole at nagtaas ito ng dalawang kamay. “Not another stalker!”

Pero hindi ito napansin ng babae. Dumerecho ang huli sa tapat ni Jordan at winagayway ang mga kamay. Color flushed her cheeks, her dark eyes wide with panic.

“I’m sorry! I forgot! I had a montly meeting with some spirits and I lost track of time! I’m really sorry! I didn’t mean—”

“For God’s sake, lower your voice!” He clutched her arm and pulled her down to the chair beside him.

He glared at her and her eyes widened.

“Oh!” Binabaan nito ang boses nito. “Yes, I’m sorry. No one must know. Don’t worry. I won’t mention anything to anyone. I won’t tell anyone that there’s a female ghost haunting an acacia tree near one of the villas in *Samtoy*. I swear no one will hear it from me.”

Napaawang ang mga labi ni Cole. Pati si Calvin ay napatigil sa pagsubo ng sisig at kanin nito. Si Kai na huminto sa tapat nila para ihain ang isang plato ng steak sa kanilang mesa ay namilog ang mga mata.

Mariin siyang pumikit at mababang nagmura. Kailangan na yata niyang tawagan ang kanyang abogado para gumawa ng alibi sakaling masakal niya ang ispiritista. “I should sue you for that,” he grated.

“What? Why?” she cried out. “I didn’t tell anyone!”

“Shit, Kuya Jordan! May multo sa—”

Agad niyang tinakpan ang bibig ni Kai. Matalim niya itong tinapunan ng titig para balaan. Nagtaas ang kapatid ng dalawang kamay sabay mabilis na tumango. Mabuti na lang at malakas ang tutog ng banda at malayo sila sa ibang mga mesa. Kung hindi, baka talagang idemanda na niya si Arabella.

Binitawan ni Jordan ang kapatid at ibinaling ang masamang titig sa baglan. “Listen to me. Kapag sinabi kong bawal mong sabihin ang tungkol sa *Samtoy* sa kahit

kanino, ibig sabihin n'on, bawal mong sabihin ang tungkol sa *Samtoy* sa kahit *kanino*. That includes *anyone* who is not me and my lawyer, do you f*cking understand that? Ano ba'ng mahirap intindihin d'on?"

How the hell did this bird-brained woman become a crime consultant?

"Oh." Tumikom ang babae at lalong namilog ang mga mata nito. "Sorry."

Umupo si Kai sa tabi niya. "Hey, ano 'yon?" He did not like the gleam in his sister's eyes. "May multo sa *Samtoy*?" sabik na bulong ng bunsong kapatid.

Muli siyang pumikit at marahas na humugot ng hangin. Hindi siya tatantanan nina Kai at Cole hangga't hindi niya nililinaw sa mga ito ang kuwento. Lalong lalala ang pinsala kapag nag-usisa ang dalawa sa mismong resort.

In a curt tone, he told them about what happened the previous night.

"That's so cool!" Nag-thumbs up si Kai at nagnakaw ng chicken fillet sa plato ni Cole.

"That's creepy." Pinalo ng huli ang kamay ng bunso. "Waiting for a guy like that, it's obsessive. The guy didn't want her, she should get a hint."

Cole did have his moments. Isa ito sa mga iyon.

"As if," kontra ni Kai. "Ikaw nga, buntot ka rin nang buntot kay Nicoleta. Don't deny it! I saw you the other day here. Halos ayaw mo siyang papuntahin mag-isa sa restroom!"

Nicoleta was Cole's girlfriend, and as much as Cole wanted to deny it, Kai was actually telling the truth.

Kulang na lang ay idikit ng kapatid ang balakang ng girlfriend nito sa sariling balakang.

“That’s different!” his younger brother defended.

Pero hindi na ito pinansin ng bunso na nakaharap na sa psychic. “As in nakita mo talaga ’yung multo?” maningning na untag ni Kai kay Arabella. “Paano? As in lumulutang siya? Gan’on? Nakakatakot ba ’yung hitsura niya? May dugo?”

Nanatiling nakatitig lang ang psychic sa kapatid; malaki at inosente ang mga mata.

“Hey, okay ka lang?” Tinapik ito ni Kai sa braso.

Ngumiti ito nang maliit. “Hmm?”

“Yung ghost. Ano hitsura niya?”

“Ghost? What ghost? ’Yung nasa likod ni Cole?”

“Ah!” tili ng nabanggit na lalaki. “Stop that!”

Humalakhak si Kai at kinalampag ang mesa.

“Seryoso? May multo sa likod ni Cole? Ano’ng hitsura?”

“Shut up!” asik ni Cole.

“I’m sorry!” paumanhin ng dalaga sa huli. “I didn’t mean to scare you. But it’s okay. He’s not at all that scary. He just has a little blood on his head. He’s totally harmless, promise!”

“What?” Mukhang mahihimatay na sa takot ang kanyang kapatid.

“Okay lang ’yan!” pilit ni Kai. “Dali, ano’ng ginawa n’ung multo sa likod ni Cole? Hinihimas siya?”

Dumapo ang pag-aalala sa magandang mukha ni Arabella. “I’m sorry, Cole. Okay lang na sabihin ko? I didn’t mean to scare you. But he’s really not that scary. Don’t worry!”

“God, why me?” Cole hissed. “Are you for real? May multo talaga sa likod ko?”

“Yes. Naku-cute-an lang siya sa 'yo. He likes cute guys.”

Halos hikain si Kai sa pagbungisngis nito. “Ibang klase ang kamandag mo, Cole! Mabenta ka talaga sa mga sirena! Pati beking multo, ini-stalk ka!”

“No, it's not like that. Really!” pampalubag-loob ni Arabella sa kambal ni Calvin. “Hindi naman siya attached sa 'yo. Tumitingin-tingin nga siya sa ibang cute dito sa loob ng bar. Pero puwede kitang bigyan ng mga amulet para hindi ka na lapitan ng mga multo. But really, this one is harmless. Walang negative energy.”

“I'll still take it!” bulalas ni Cole. “I'll f*cking take those amulets!”

“Great! D'aan ka minsan sa store ko.”

Did she just advertise her store?

A wry smile curved Jordan's lips and he shook his head. He supposed Arabella was not a total airhead.

“Sige, sama 'ko!” masayang singit ni Kai. “So you can read emotions through touching objects?” Kinuha nito ang baso ng orange juice ni Calvin at tinungga ang laman niyon. “You can read people's minds?”

Nakangiting bumaling dito ang ispiritista at tumango. “Yes.”

“As in ngayon, nababasa mo ang iniisip namin?”

Kumunot-noo si Calvin at medyo lumayo sa psychic.

“Oh, no, no.” Madamdaming umiling si Arabella. “I don't do that. It's bad. Through practice, puwede siyang i-on at i-off. Kung walang permission, hindi ko binabasa

ang kahit ano sa mga emosyon o iniisip ng iba. It's rude. Isa pa, it's draining to try and read people's thoughts all the time. It takes concentration, too. Hey, stop doing that." Pinagpag ng babae ang kung ano sa balikat nito. "Sorry, may kumukulit lang sa 'kin. She's so impatient!" Binalingan nito ang di-nakikitang nilalang sa balikat nito. "I told you, later, okay? Wait for your turn! I have other clients, too."

Humalakhak si Kai. "May multong kumukulit sa 'yo ngayon?"

"Yeah, gusto niyang unahin ko siya. Sinabi ko na ngang pumila siya. Ang kulit!"

Halos malaglag ang bunsong Mendoza sa upuan nito sa katatawa. "This is so awesome!"

"Then, why did you do that last night?" akusa ni Jordan kay Arabella. He sat back in his chair, pinning the woman with a cold glare. "When you told me about my sore throat and the PR problem. I didn't give you permission to read my thoughts. Pati si Fred, you said something about his girlfriend. He didn't give you permission to read his thoughts either."

"It's different!" She flailed her arms again, the sleeves of her multi-colored dress swaying at her sides. "Yung tungkol sa sore throat mo, hindi naman 'yon emosyon o thoughts, so it doesn't count." Then she groaned. "Ugh. Okay so maybe it does. I'm sorry! I just saw it on your aura. Pero 'yung sa PR, hinawakan mo kasi ako, kaya mas naging malakas 'yung connection. Your energy's too strong that night, Jordy. Your thoughts just bulldozed into me! You looked murderous! I really don't have to

read your thoughts to know you'll kill anyone who spread stories about the ghost in *Samtoy*—oh no!” Napasinghap ito at mabilis na umiling. “No ghost. There is absolute no ghost in there. I didn't see any ghost. Shh!” Inis nitong pinagpag ulit ang balikat. “Stop it!”

“Jordy?” Parang kinikiliti sa kilig ang bunsong Mendoza. “Jordy!”

Matalas ang itinapon niyang tingin sa kapatid. “Bumalik ka na sa trabaho mo, Kai.”

“Oh, no, no, no.” Nakangising umiling ito. “Hindi mo na 'ko mapapaalis dito ngayon, kahit patalsikin mo pa 'ko sa trabaho, Kuya Jordy.”

Naningkit ang mga mata niya, pero bumungisngis lang ulit ang dalaga. Pero nagtaas din ito ng dalawang kamay.

“Okay, okay, Father of Dragons, The First of your Name, King of the First Men, The rightful Heir of *Kali Bar and Grill*, The Master of Chains. No 'Kuya Jordy' for me.” Binalingan ulit nito si Arabella. “What about Fred's girlfriend? May problema sila? Kaibigan ko 'yung gf n'on. Mabait 'yon.”

“I don't think I should talk about it. Though it's not really a secret.”

“O, sabihin mo na!”

“Okay! He just wants someone to affirm what he already knows. Kaya sinabi ko. I just wanted to ease his mind.”

“Ah, nag-aalala siya tungkol sa kanila ng gf niya, 'no? Oo, hindi nga secret 'yon. It's good you told him not to worry. So ano nga'ng hitsura ng multo?”

“Walang multo!” atungal ng babae. “Please don’t ask me anymore.”

Bumuga si Jordan ng hangin at hiniwa ang steak sa kanyang plato. He lost his appetite, but he would not let good food go to waste. “Sabihin mo na. Hindi titigil ’yang dalawang ’yan.”

“Pero s’abi mo ’wag sabihin kahit kanino maliban sa ’yo at sa abogado mo,” maktol ng dalaga. “*Anyameten!*” Ano ba ’yan! “Ang labo mong kausap. You’re confusing me!”

Cole and Kai snickered but promptly shut up when he threw them a chilling look. He didn’t bother getting irritated with Arabella. Siya lang ang matatalo.

“This is the exception,” pakli ni Jordan. “Ngayon lang. After this, don’t talk about it with anyone unless I give you explicit permission.”

Her dark brows knitted, her lush lower lip jutting out. Pagkatapos, namutawi ang matingkad na ngiti sa mga labi ng babae. “Okay.” Bumaling ito sa mga kapatid niya at sabik na ikinuwento ang mga nakita at naramdaman nito sa *Samtoy* nang nakaraang gabi.

“Wow,” banat ni Kai. “So paano n’yo siya hahanapin? Napadala mo na ’yung letters at pictures, Kuya Jordan?” Sumenyas ito sa isa sa mga staff para lumapit. “Kumain ka na, Arabella?”

Umasim ang mukha ng huli. “Please call me ‘Bells.’ ”

“Okay. Kumain ka na? Masarap ’yung pagkain dito.”

“Not yet. Thank you!” Malawak ang ngiti nitong tinanggap ang ibinigay na menu ni Kai. “Oh, by the way. I have a bag of ginger and licorice root tea for you, Jordy.

It's good for sorethroat. Hindi magandang umiinom lagi ng antibiotics. Nagiging resistant nang mas mabilis ang mga bacteria. You should try this!"

Dinukot nito sa makulay at malaking tote bag nito ang isang maliit na berdeng kahon. She placed it in front of him, and the fresh scent of herbs wafted from the small box.

"Wala ka namang iniinom na gamot para sa high blood at depression, di ba?" usisa ng dalaga. "Puwede kasing magkaroon ng reaction ang herbal tea sa mga ibang medication. So we should be careful. But if you're not taking any other medication, this should help!"

Bumaling sa kanya si Kai. "Na-ship mo na 'yung mga sulat at drawing, Kuya?"

"Yes." He scowled as he gingerly inspected the green box. "But I still have the drawings. It's clean enough. Baka makatulong 'yon sa paghahanap."

"Di ba, d'on nagtatrabaho si Clark?" komento ni Cole. "D'on sa nag-aayos ng mga lumang sulat? He's here for vacation, right?"

Tumango si Jordan. "He can help with the sketches. But the letters, I doubt it. They had to be shipped to the company. Tinawagan ko 'yung *Banguì Church* kanina, pero wala 'yung namamahala sa burial records. I'll try again tomorrow."

"Jordy, baka hindi rin makatulong 'yon," sabat ni Arabella.

Muling bumungisngis si Kai sa narinig na pangalan. Hindi na siya nag-abalang mainis pa sa dalaga.

"Teká, bakít sa Banguì?" untag ni Cole sa pagitan ng

pagsubo ng steak. Maaliwalas na ulit ang mukha nito at mukhang nakabawi na sa takot. “Ba’t di sa mga simbahan dito sa Pagudpud?”

“Parte ng Bangui ang Pagudpud bago ang World War II,” matabang niyang pahayag bago sumubo ng mashed potato.

“Yep.” Tumango si Arabella. “Right now, we assume she died before World War II, although hindi pa ’yon sure. Walang central civil administration n’on para kumolekta at magtago ng mga civil registration records. Noong 1889 lang nagkar’on. Simbahan lang ang may mga burial records n’ung panahong ’yon. Noong 1624 ginawa ang *St. Lawrence The Deacon Parish* sa Bangui, kaya nandoon ang mga burial records. Although may mga period na naging parte din ang Bangui ng ibang parokya dahil kulang ang mga pari. But by late 1600, talagang nakahiwalay na siya. Nasira ’yung simbahan noong 1880 and 1891 dahil sa lindol. Malaki rin ang naging sira niya n’ong panahon ng Hapon. Most of the church’s records were destroyed because of the earthquakes and the damage during the Japanese occupation.”

“Wow, Bells,” manghang puri ni Kai, “andami mong alam, ah!”

Nagliwanag ang mga mata ni Arabella at malawak na ngumiti. “I’m a History major, thank you!”

Who would have thought? he thought drily.

Bumaling sa kanya ang ispiritista. “I talked to Jaja.”

“Your spirit guide,” pagak niyang komento.

“You remembered!” tuwang komento nito.

“What did she say?”

“She’s going to ask around and talk to other spirits who might know Sinang.”

“I see. When will you get answers?”

“I don’t know.”

His gaze turned mocking. “You don’t know?”

“I’m not sure when she’ll get back to me.”

“Can you tell her to get back to you tonight? We’re on a schedule here.”

“I can’t. Asking around might take long.”

“That’s so cool!” Ginagap ni Kai ang kamay ni Arabella. “You can talk to spirit guides?”

Muling bumalatay ang maningning na ngiti sa mga labi ng dalaga. “Yes!”

“How do you do that?”

“It takes practice. Hanggang ngayong nagmeditate ako ng mga ten to twenty minutes araw-araw para makausap ko nang maayos si Jaja. I talk to her all the time, but I get clearer conversations during meditation.”

“Fine,” pakli ni Jordan saka tinungga ang baso ng kanyang tubig. “Do that and update me tomorrow. I want an update before six p.m. tomorrow.”

“Sure!”

Dumating si Shelby para kuhanin ang order ni Arabella. Ngumiti ang matangkad na babae at binati sila.

“I’d like pork spare ribs with corn and mashed potatoes.” Itinuro ng dalaga ang mga larawan sa menu habang sinasabi ang order. “May alcohol ba ’tong fruitcake n’yo?”

“Yes, ma’am,” sagot ni Shelby.

“Okay, I’ll just take your dragonfruit pudding. I don’t

like alcohol. It makes me dizzy. Oh, you have jasmine tea! I'd like some, please! Nasabi ko na bang ayoko sa alcohol? Jaja loves jasmine tea. Nanghihinayang nga siya kasi n'ung buhay pa siya, hindi pa raw uso ang jasmine tea. She loves the scent! Nakikiamoy siya lagi kapag umiinom ako n'un. Nakakatuwa 'yung aura niya kapag sinisinghot niya 'yung usok ng tsa. So colorful!"

Nagsalubong ang mga kilay ni Shelby, napatigil sa paglagay ng ballpen sa talikod ng tainga.

Ngumiti ang dalaga sa matangkad na staff. "Hi!" Pagkatapos, kumunot-noo ang psychic at may binugaw na kung ano sa may ulunan nito. "Stop that. Ugh, why do you always do that? I told you, mamaya na. May tatlo pang nauna sa 'yo. They want to find the light, too!"

Natawa si Shelby at umiling, pero sumeryoso rin nang mapansin ang kunot-noo ni Jordan. "Uhm... 'yon lang, ma'am?" kumpirma nito.

"Yes, that's all." Muling binugaw ni Arabella ang dinakikitang nilalang sa ulunan nito. "Some spirits are just so selfish! Bad, bad spirit! You should behave in front of other people, you crazy spirit! 'Wag ang mag-eskandal! Ika-cancel ko 'yung appointment mo bukas kapag di ka tumigil!"

Hindi napigilan ng staff na tapunan ng tingin ang kasama nila na para bang may tililing ito. "Uhm... sige po."

He scowled at the retreating woman and mentally noted to have a talk with her.

"It's alright." Magaang tinapik ni Arabella ang kanyang kamay na nakapatong sa mesa.

Ibinaling niya rito ang titig.

The blinking lights danced in her eyes, making him think of storm clouds struck with lightning again.

“Are you reading my thoughts again?” akusa ni Jordan.

She laughed and shook her head, the lights flickering over her shiny hair. “I don’t need to, silly. Your body language says it all. It’s alright. I know I’m weird. Hindi kasalanan ni Shelby kung nawirduhan siya sa ’kin. Gan’on lang talaga ang buhay. It’s okay, Jordy!” Muli nitong binugaw ang kung ano sa likuran nito.

Binigyan ni Kai ng two-thumbs up ang babae. “I like you!”

“Thank you!”

“You’re a client,” saad niya. “No matter how weird you are, you’re a guest here. She should have been more professional. Everyone here should strive to provide satisfying dining experience for all guests.”

“I agree!” puri ng ispiritista. “But not all clients are created equal. Kagaya nitong makulit na lost spirit na ’to. She’s getting annoying. Cut Shelby some slack. It’s okay.”

“You go, girl! Anyway,” pag-iiba ni Kai sa usapan. “Punta ka sa birthday ko next next week, Bells. Pool party. Masaya ’yon!”

“Really? Thank you.”

“Tell me about my aura.”

“Yellow!”

Iyon lang halos ang naging tampok ng usapan nang sumunod na isang oras.

Jordan tried not to think how unproductive his evening was.